Your Hospital Care after Surgery

After your surgery, you will wake up in the Recovery Room. The nurse will check you often and give you pain medicine. When you are awake, you will be taken to your hospital room.

First Hours after Surgery

- Your family will be able to visit you when you are in your room.
- Your temperature, blood pressure, pulse and breathing rate will be checked often by the nursing staff. You may also have a clip on your finger that checks the amount of oxygen in your blood.
- Your nurse will check your dressing and the drainage from your incision.
- If you are not comfortable, let your nurse know.
- Tell your nurse right away if your incision swells or bleeds, or if you feel pain, numbness or tingling in your leg or arm.
- You may have oxygen and a heart monitor in place for a few hours.
- You may have a tube to drain urine from your bladder or other tubes to drain fluids. These tubes are most often removed before you go home. If the tubes are to be left in when you go home, you will be taught how to care for them.
- An EKG, chest x-ray or blood tests may be done.
- Your doctor will talk to you about your surgery.

IV (Intravenous) Fluids and Antibiotics

- You will receive fluids through an IV tube into your veins for a short time. The IV will stay in place until you are able to drink fluids well after your surgery. If you are getting medicine through the IV, you might have it in place for a longer time.
- You may receive antibiotics to prevent you from getting an infection.

Ang Iyong Pangangalaga sa Ospital Matapos ang Operasyon

Matapos ang iyong operasyon, gigising ka sa Silid ng Pagpapagaling. Madalas kang bibisitahin ng iyong nars at bibigyan ng gamot para sa sakit. Kapag ikaw ay gising na, ililipat ka sa iyong silid.

Mga Unang Oras Matapos ang Operasyon

- Maaari ka nang bisitahin ng iyong pamilya kung ikaw ay nasa iyong sariling silid.
- Madalas na susuriin ng mga nars ang iyong temperatura, presyon ng dugo, pulso at bilis ng paghinga. Maaari ka ring magkaroon ng clip sa iyong daliri na susuri sa dami ng hangin sa iyong dugo.
- Susuriin ng iyong nars ang iyong tapal at pag-agos mula sa iyong hiwa.
- Sabihan ang iyong nars kung ikaw ay hindi maginhawa.
- Sabihin sa iyong nars sa lalong madaling panahon kung ang iyong hiwa ay namamaga o nagdurugo, o kung ikaw ay nakakaramdam ng sakit, pamamanhid o pangingilig sa iyong binti o braso.
- Maaari kang magkaroon ng oksiheno at ng pang-subaybay sa puso nang ilang oras.
- Maaari kang magkaroon ng tubo upang paagusin ang ihi mula sa iyong pantog o iba pang mga tubo upang paagusin ang mga likido. Ang mga tubong ito ay madalas na tinatanggal bago ka umuwi ng bahay. Kapag ang mga tubong ito ay kailangang maiwan sa iyong pag-uwi, tuturuan kang gamitin ang mga ito.
- Maari kang sumailalim sa EKG, x-ray ng dibdib o mga pagsusuri ng dugo.
- Kakausapin ka ng iyong doktor tungkol sa iyong operasyon.

Mga Likidong IV (Sa Ugat) at mga Antibayotiko

- Makaka-tanggap ka ng mga likido sa pamamagitan ng paggamit ng tubong IV, papasok sa iyong mga ugat, sa loob ng maikling panahon. Mananatili ang IV hanggang ikaw ay handa nang uminom ng mga likido matapos ang iyong operasyon. Kapag ikaw ay binibigyan ng gamot sa pamamagitan ng paggamit ng IV, maaaring manatili ito nang mas mahabang panahon.
- Maaari kang bigyan ng mga antibayotiko upang mapigilan mong makakuha ng impeksyon.

Incision

- Your incision will be covered with a dressing. Your doctors and nurses will check your dressing and change it as needed. As the incision begins to heal, the dressing will get smaller.
- Your incision will be closed with sutures, staples or special tapes called steri-strips. These will be removed in 7 to 14 days on a follow-up visit to your doctor.
- Your nurse will teach you how to care for your incision.

Pain Control

- We will try to keep you comfortable. The nurse will ask you about your level of pain on a 0 to 10 scale, with 0 being no pain and 10 being the worst pain.

"Zero to Ten" Scale (0 to 10) for rating pain.



May be duplicated for use in clinical practice. As appears in McCaffery M, Pasero C: Pain: Clinical manual, p.67, 1999, Mosby, Inc.

Hiwa

- Tatakpan ang iyong hiwa ng tapal. Susuriin ng iyong mga doktor at mga nars ang iyong tapal, at papalitan kung kailangan. Liliit ang tapal sa paggaling ng iyong hiwa.
- Ang iyong hiwa ay isasara sa pamamagitan ng mga tahi, mga staple o espesyal na mga teyp, na tinatawag na mga steri-strip. Aalisin ang mga ito sa loob ng 7 hanggang 14 na araw, sa muli mong pagbisita sa iyong doktor.
- Tuturuan ka ng iyong nars kung paano mo pangangalagaan ang iyong tahi.

Pagpigil ng Sakit

- Pipilitin naming ikaw ay guminhawa. Tatanungin ka ng iyong nars kung ano ang antas ng iyong sakit, gamit ang sukatang 0 hanggang 10, kung saan ang 0 ay walang sakit at ang 10 ay ang pinaka-masakit.

"Zero hanggang Sampu" (0-10) para sa rating ng sakit.



Maaaring ipakopya para sa paggamit sa klinikal na kasanayan. Tulad na ipinapakita sa McCaffery M, Pasero C: Pain: Clinical manual, p.67, 1999, Mosby, Inc.

Wong-Baker FACES Pain Rating Scale



0	2	4	6	8	10
No Hurt	Hurts Little Bit	Hurts Little More	Hurts Even More	Hurts Whole Lot	Hurts Worst

From Wong, D.L., Hockenberry-Eaton, M., Wilson, D., Winkelstein, M.L., Ahmann, E., DiVito-Thomas, P.A. Whaley and Wong's Nursing Care of Infants and Children, ed. 6, St. Louis, 1999, p. 2040. Copyrighted by Mosby, Inc. Reprinted by permission.

- You can expect to have some pain at your incision site for several days after your surgery. You also may have some soreness in other parts of your body because of the way you were positioned during surgery.
- Your doctor will order pain medicine for you. Be sure to **let your nurse know when you have pain or need your medicine.** Ask for pain medicine before your pain gets too bad. If your pain is not managed, your recovery will take longer. It often helps to take pain medicine before activity or before the pain gets too bad. If your pain gets worse or is not controlled with medicine, tell your nurse.

Activity

- **Do not** get up out of bed without help. Staff will tell you when it is safe to get up on your own.
- You will be helped to sit up on the side of your bed at first. Your activity will be increased to sitting up in a chair, then walking in the room, and then walking in the hallway. Each day the amount of time you are out of bed and the distance you walk should increase.
- Exercise your lungs by using an incentive spirometer to prevent problems after surgery. Coughing and deep breathing also help keep your lungs clear. Use a pillow or folded blanket across your abdomen or chest to protect any incisions there when you cough. It will let you cough better and help reduce pain. Do these exercises every 1 to 2 hours while you are awake.



Incentive spirometer

Coughing

Scale ng MGA MUKHA para sa Rating ng Sakit



0	2	4	6	8	10
Walang Sakit	**Sumasakit nang bahagya**	**Sumasakit nang kaunti pa**	**Mas sumasakit**	**Mas lalong sumasakit**	**Pinakamatindi ang sakit**

Mula sa Wong, D.L., Hockenberry-Eaton, M., Wilson, D., Winkelstein, M.L., Ahmann, E., DiVito-Thomas, P.A. Whaley and Wong's Nursing Care of Infants and Children, ed. 6, St. Louis, 1999, p. 2040. Na-copyright ng Mosby, Inc. Ipinakopya nang may pahintulot.

- Maaasahan mong makakaramdam ng kaunting sakit sa kinalalagyan ng iyong hiwa, ilang araw matapos ang iyong operasyon. Maaari ka ring makaramdam ng kaunting pananakit sa iba pang bahagi ng iyong katawan dahil sa iyong naging posisyon noong ikaw ay sumasailalim sa operasyon.
- Bibigyan ka ng iyong doktor ng gamot para sa sakit. Siguraduhing **sabihin sa iyong nars kung ikaw ay nakakaramdam ng sakit o kung kailangan mo ng gamot.** Humingi ng gamot para sa sakit bago ito lumala. Kapag hindi napangasiwaan ang iyong sakit, matatagalan kang gumaling. Kadalasan ay nakakatulong ang pag-inom ng gamot bago gawin ang anumang gawain o bago lumala ang sakit. Kapag lumala ang iyong sakit o hindi napagaling ng gamot, magsabi sa iyong nars.

Gawain

- **Huwag** babangon nang walang katulong. Sasabihan ka ng mga tauhan kung kailan ka maaaring tumayong mag-isa.
- Tutulungan kang umupo sa gilid ng iyong kama sa umpisa. Ang iyong gawain ay daragdagan simula sa pag-upong mag-isa, paglalakad sa silid at paglalakad sa pasilyo. Bawa't araw, kailangang madagdagan ang dalas ng iyong pagbangong mag-isa at paglalakad nang malayo.
- Mag-ehersisyo ng mga baga sa pamamagitan ng paggamit ng isang incentive spirometer upang mapigilan ang mga problema matapos ang operasyon. Ang pag-ubo at paghinga nang malalim ay makakatulong din sa pagpapalinaw ng iyong mga baga. Gumamit ng unan o nakatiklop na kumot, na nakatakip sa tiyan o dibdib, upang mapangalagaan ang anumang hiwa kapag ikaw ay umubo. Pauubuhin ka nito nang mabuti at makakatulong makabawas ng sakit. Gawin ang mga ehersisyong ito tuwing 1 hanggang 2 oras, habang ikaw ay gising.



Incentive spirometer

Pag-ubo

Blood Clots

To help prevent the risk of blood clots:

- The staff will help you get out of bed and walk.
- The staff will show you how to do an exercise called ankle pumps to help move the blood in your legs. Do ankle pumps every hour while you are awake.
- You may have special stockings on your legs. Sometimes plastic wraps that connect to an air pump are used while you are in bed. They squeeze and relax around your legs to help your blood flow.

Ankle pumps

- You may be given injections of medicine in the abdomen to thin your blood.

Diet and Bowel Activity

- You may be given ice chips at first. If you do not have nausea, you will be given clear liquids then light foods. It may be a day or two after surgery before you get regular food.
- Tell the nurse if you have nausea.
- Surgery and pain medicine may cause constipation. The nurses will ask about your bowel activity. Stool softeners and laxatives may be given.

Getting Ready to Go Home

- Staff will teach you about your care at home and give you written instructions.
- Family and friends are encouraged to learn about your care so they can help you at home as needed. Someone should stay with you for 24 hours to 2 weeks after surgery based on they type of surgery you had.
- If you have no one that can stay with you, tell your doctor's office before your surgery so that you can discuss options for your care after surgery. Some patients may need a short stay in a rehab facility after leaving the hospital.

2008 – 1/2013 Health Information Translations

Unless otherwise stated, user may print or download information from www.healthinfotranslations.org for personal, non-commercial use only. The medical information found on this website should not be used in place of a consultation with your doctor or other health care provider. You should always seek the advice of your doctor or other qualified health care provider before you start or stop any treatment or with any questions you may have about a medical condition. The Ohio State University Wexner Medical Center, Mount Carmel Health System, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital are not responsible for injuries or damages you may incur as a result of your stopping medical treatment or your failure to obtain medical treatment.

Pamumuo ng Dugo

Upang mapigilan ang panganib ng pamumuo ng dugo:

- Tutulungan ka ng mga tauhang bumangon sa kama at maglakad.
- Tuturuan ka ng mga tauhan ng isang ehersisyo na tinatawag na ankle pumps, na makakatulong sa pagdaloy ng dugo sa iyong binti. Gawin ang ankle pumps bawa't oras habang ikaw ay gising.
- Maaari kang pagsuutin ng espesyal na medyas sa iyong binti. Minsan, gumagamit ng mga plastic wrap na nakakonekta sa isang air pump habang nakahiga ka. Humihigpit at lumuluwag ito sa palibot ng iyong binti upang makatulong sa pagdaloy ng iyong dugo.

Lumbahin / Bombahin ang bukung-bukong

- Maaari kang bigyan ng mga iniksiyon ng gamot sa tiyan upang mapanipis ang iyong dugo.

Diyeta at Pagdumi

- Maaari kang bigyan ng mga tapyas ng yelo sa simula. Kung hindi ka nahihilo, bibigyan ka ng malinaw na mga likido, at matapos nito ay magaan na mga pagkain. Maaari ka lamang bigyan ng regular na pagkain, isa o dalawang araw, matapos ang operasyon.
- Magsabi sa nars kung ikaw ay nahihilo.
- Ang operasyon at gamot para sa sakit ay maaaring magsanhi ng hindi pagdumi. Tatanungin ka ng mga nars tungkol sa iyong pagdumi. Maaari kang bigyan ng mga pampalambot ng dumi o mga pampatunaw.

Paghahandang Umuwi

- Tuturuan ka ng mga tauhan tungkol sa iyong pangangalaga sa bahay at bibigyan ka ng nakasulat na mga tagubilin.
- Hinihikayat ang pamilya at mga kaibigang matuto tungkol sa iyong pangangalaga upang matulungan ka sa bahay, kung kailangan. May kasama ka dapat sa loob ng 24 na oras hanggang 2 linggo matapos ang operasyon, batay sa uri ng operasyong iyong pinailaliman.
- Kung wala kang makakasama, magsabi sa tanggapan ng iyong doktor bago ang iyong operasyon, upang mapag-usapan ang mga opsyon ng iyong pangangalaga matapos ang iyong operasyon. Ang ibang mga pasyente ay maaaring mangailangang manatili nang sandali sa isang pasilidad ng reabilitasyon, pag-alis ng ospital.

2008 – 1/2013 Health Information Translations

Unless otherwise stated, user may print or download information from www.healthinfotranslations.org for personal, non-commercial use only. The medical information found on this website should not be used in place of a consultation with your doctor or other health care provider. You should always seek the advice of your doctor or other qualified health care provider before you start or stop any treatment or with any questions you may have about a medical condition. The Ohio State University Wexner Medical Center, Mount Carmel Health System, OhioHealth and Nationwide Children's Hospital are not responsible for injuries or damages you may incur as a result of your stopping medical treatment or your failure to obtain medical treatment.